# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

Sa Estado ng Washington, ang bawat mag-aaral ay dapat na mayroong patas na karapatang paggamit sa pampublikong edukasyon nang walang diskriminasyon. Kung ang mga magulang, mag-aaral, staff (tauhan) ng paaralan, o mga miyembro ng komunidad ay naniniwala na ang mag-aaral ay nakaranas ng diskriminasyon o pangugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, may mga hakbang silang magagawa upang malutas ang mga ikinababahalang ito at maalis ang pag-uugali o mga kondisyon na naghantong sa problema.

Ang **diskriminasyon** ay ang hindi makatarungan o hindi patas na pakikitungo o pangugulo sa isang tao dahil sila ay parte ng isang grupo, ayon sa pagkakatukoy sa batas, bilang isang **protektadong klase.** Ang isang protektadong klase ay isang grupo ng mga tao na nagbabahagi ng karaniwang mga katangian at protektado mula sa diskriminasyon at pangugulo sa ilalim ng batas pederal at pang-estado.

Ang mga grupong ito ay protektado na mga klase sa ilalim ng batas ng Estado ng Washington:[1]

| | |
|---|---|
| Lahi at kulay | Oryentasyong seksuwal o pagkilanlan batay sa pagkaakit sa iba ng kanilang kasarian |
| Pinagmulang bansa | Pagpapahayag ng kasarian |
| Relihiyon at pinaniniwalaan | Pagkakakilanlan ng kasarian |
| Kasarian | Katayuan bilang beterano o militar |
| Kapansanan | Paggamit ng sanay na gabay na aso o hayop na pantulong |

**Ang pangugulo na nagpapakita ng diskriminasyon** ay isang pangugulo na batay sa isang protektadong klase. Maaaring marami itong mga anyo. Ang mga pagbabanta, pagtatawag ng palayaw na hindi maganda, mga pagbibiro/panunukso na mapanlait, pisikal na pagsalakay o iba pang pag-uugali na nagbabanta sa katawan, nakakasakit, o nakakapahiya/nanghahamak ay maaring maging ilang mga halimbawa ng pangugulo na nagpapakita ng diskriminasyon.

**Ang Equity and Civil Rights Office (Opisina ukol sa Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan) sa OSPI** ay maaaring makasagot sa mga katanungan tungkol sa mga karapatan at mga responsibilidad sa ilalim ng batas ng mga karapatang sibil/pangmamamayan at kung ano ang magagawa ninyo para malutas ang mga ikinababahala tungkol sa diskriminasyon sa paaralan ng inyong anak. Magkaroon ng kamalayan na hindi kami nagkakaloob ng legal na payo o namamagitan sa ngalan ng iba.

360-725-6162 | TTY 360-664-3631 | equity@k12.wa.us

## Makipag-usap sa Inyong Civil Rights Compliance Coordinator (Coordinator sa Pagpapatupad sa Mga Karapatang Sibil/Pangmamamayan). Sikapin na Lutasin ang Isyu.

Ang pakikipag-usap sa inyong prinsipal o civil rights compliance coordinator (coordinator sa pagpapatupad sa mga karapatang sibil/pangmamamayan) sa distrito ng paaralan ay madalas na ang pinakamabuting kilos na magagawa ninyo para matugunan ang inyong mga ikinababahala.

[1] Kabanata 28A.642 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.642. Kabanata 28A.640 RCW, http://apps.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.640. Kabanata 49.60 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=49.60.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

Matitiyak ng mga miyembro ng staff (tauhan) na ito na ang inyong mag-aaral ay may patas na karapatang paggamit sa lahat ng mga programa at serbisyo na inihahandog ng inyong paaralan.

Ang **unang di-pormal na hakbang** na ito ay kukuha ng pansin sa mga opisyal ng paaralan at maaaring makabilis na maghantong sa isang praktikal at mapapakinabangan na solusyon.

- **Pagtuunan ng pansin ang mga katotohanan** na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggugulo, tulad nang pagkakaunawa ninyo sa mga ito, AT
- Ipagbigay-alam sa prinsipal o coordinator **kung ano ang nais ninyong gawin nila para malutas ang problema**

**May Mahalagang Tungkulin ang Mga Civil Rights Coordinator (Tagapag-ayos ng Pagpapatupad sa Mga Karapatang Sibil / Pangmamamayan)**
Hinihikayat namin ang mga pamilya at mga staff (tauhan) ng distrito at ng paaralan na magtulong-tulugan para malutas ang mga di pagkakasunduan at mga ikinababahala tungkol sa diskriminasyon at panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa lokal na antas.

Makipag-ugnayan sa **civil rights compliance coordinator (coordinator sa pagpapatupad sa mga karapatang sibil / pangmamamayan)** ng inyong distrito. Hanapin ang listahan sa pakikipag-ugnayan sa Equity and Civil Rights website ng OSPI, www.k12.wa.us/Equity/ContactList.aspx.

## Magsampa ng Reklamo ng Diskriminasyon Batay sa Protektadong Klase[2]

Sinuman ay maaaring magsampa ng pormal na reklamo na nagpaparatang ng diskriminasyon sa isang pampublikong paaralan ng Washington batay sa protektadong klase. Sa katawagan na *sinuman* ay kinabibilangan ng mga magulang, mga mag-aaral, mga guro, mga administrador, at mga tagapamagitan.

> Mahalaga! Ang mga reklamo na may kinalaman sa espesyal na edukasyon, mga programang pederal na pang-edukasyon, o di propesyonal na pag-uugali ng isang may sertipikong guro o nagtuturo ay bawat isang sumusunod sa kani-kanilang bukod-tanging mga proseso. Maghanap ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagrereklamo na ito sa pahina 5.

Hinihikayat namin kayong mainam na sundan ang pamamaraan sa pagsasampa ng reklamo. Kung mayroon kayong mga katanungan, direktang magpunta sa inyong distrito o charter na paaralan at hingin ang impormasyon na kailangan ninyo para makapagpatuloy.

## Unang Hakbang. Isulat ang Inyong Reklamo

1. Ilarawan ang pag-uugali o pangyayari. Gumamit ng mga tunay na impormasyon: ano, sino, at kailan.
2. Ipaliwanag kung bakit kayo naniniwala na may nangyaring diskriminasyon.
3. Ilarawan kung anong mga kilos ang pinaniniwalaan ninyong dapat gawin ng distrito o charter na paaralan para malutas ang problema.

---

[2] WAC 392-190-065, http://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=392-190-065.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

**Ipadala ang inyong nakasulat na reklamo**—sa pamamagitan ng paghulog sa koreo, pagpapadala ng fax, email, o personal na paghahatid nito—sa superintendente ng distrito, administrador ng charter school, o civil rights compliance coordinator (coordinator sa pagpapatupad sa mga karapatang sibil/pangmamamayan). Nagtatabi ang OSPI ng listahan ng mga website para sa lahat ng mga distrito ng paaralan sa estado. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay matatagpuan sa mga website na ito, http://www.k12.wa.us/Maps/SDmainmap.aspx.

**Huling Araw sa Pagsasampa ng Reklamo**
Ang mga distrito at charter school ay pinapahintulutan na magpatupad ng huling araw sa pagsasampa ng mga reklamo. Ang huling araw na ito ay dapat **kahit man lang isang taon** makalipas ang pangyayari o pag-uugali—ang paksa ng reklamo—ay naganap. Alamin kung ang inyong distrito o charter school ay nagpapatupad ng huling takdang araw para magsampa ng reklamo na may kaugnayan sa diskriminasyon.

## Ika-2 Hakbang. Iimbestigahan ng School District o Charter School ang Inyong Reklamo

Ang inyong civil rights coordinator (coordinator sa pagpapatupad ng mga karapatang sibil/pangmamamayan) ay may mahalagang tungkulin na gagampanan sa sandaling matanggap ng school distrito o charter school ang inyong nakasulat na reklamo. Kailangang gawin ng coordinator na:

- Bigyan kayo ng kopya ng pamamaraan para masusundan para sa pagsasampa ng mga reklamo ng diskriminasyon
- Tiyakin na may mabilis at masusing imbestigasyon na isinasagawa

Mahalaga! Sa puntong ito, maaari kayong magpasiya na lutasin ang inyong reklamo kaagad sa halip na magpatuloy sa imbestigasyon.

**30 Araw na Batay sa Kalendaryo at Pinahabang Huling Takdang Araw**
Sa sandaling matanggap ng distrito o charter school ang inyong nakasulat na reklamo, kailangang sumagot ang superintendente o administrador sa inyo sa pamamagitan ng kasulatan sa loob ng **30 araw na batay sa kalendaryo**—maliban na lang kung kayo ay sumasang-ayon sa ibang panahon.

Kung kinasasangkutan ng inyong reklamo ang **bukod-tanging mga pangyayari** na kailangan ang mas matagal na imbestigasyon, kailangang sabihin sa inyo ng distrito o charter school sa pamamagitan ng kasulatan at ipahayag **(1)** kung bakit kailangan ng staff (tauhan) ang dagdag na panahong ito at **(2)** isang bagong petsa sa kanilang nakasulat na kasagutan.

## Ika-3 Hakbang. Sumagot ang School District o Charter School sa Inyong Reklamo

Sa nakasulat na kasagutan nito, kailangang isulat ng distrito o charter school ang impormasyon na ito:

- Buod ng mga resulta ng imbestigasyon
- Pagpapasiya na malinaw na nagsasaad kung ang distrito o charter school ay nabigo man o hindi na sumunod sa batas ng karapatang sibil/pangmamamayan.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

- Abiso na maaari ninyong i-apela ang pagpapasiya na ito: paano at saan magsampa ng isang pormal na apela, at kung kanino ito dapat ipadala.
- Anumang mga hakbang, mapagpapasiyahan sa pamamagitan ng isang imbestigasyon, na kinakailangan para mapasunod ang distrito o charter school sa batas ng mga karapatang sibil

Anumang kinakailangan na pangwastong mga hakbang ay dapat na mapatupad sa loob ng **30 araw na batay sa kalendaryo** pagkatapos ng nakasulat na sagot na ito—maliban na lang kung kayo ay sumasang-ayon sa ibang panahon.

### Pamamagitan

**Ang pamamagitan ay isang opsyon** na maaari ninyong ikonsidera. Sa ilalim ng batas ng estado, ang mga school distrito at charter school ay maaaring maghandog—sa sarili nilang gastos—ng opsyon na lutasin ang mga reklamo sa pamamagitan ng isang walang kinikilingan na tagapagamitan.[3]

Dapat ay boluntaryo ang pamamagitan sa parte ng mga magulang at mga tagapag-alaga. Kung magpapasiya kayong gumamit ng isang tagapamagitan, posible na pahabain ang 30 araw na batay sa kalendaryo na panahon na kung saan ang distrito o charter school ay dapat sumagot sa inyong reklamo.

> Mahalaga! Dapat malaman ninyo na hindi inaaprubahan, nag-eendorso, o nagpapatupad ng mga kasunduan ang OSPI na napag-aregluhan gamit ang tagapamagitan.

## Apela sa Pagpapasiya ng Inyong Reklamong Diskriminasyon[4]

Ang mga school distrito at charter school ay dapat may proseso ng reklamo na nakatalaga na may opsyon para makapag-apela. Ang mga apela ay dapat gawin sa isang opisyal o lupon na hindi kasangkot sa reklamo.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa pagpapasiya kasunod ng imbestigasyon ng distrito o charter school sa inyong reklamo, maaari kayong **magsampa ng pormal na apela.** Hinihikayat namin kayong sundan nang mainam ang pamamaraan sa pag-a-apela. Kung mayroon kayong mga katanungan, direktang magpunta sa inyong distrito o charter na paaralan at hingin ang impormasyon na kailangan ninyo para makapagpatuloy.

> Mahalaga! Ang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-apela ay dapat na kasama sa nakasulat na sagot na inyong natanggap sa sandaling nakumpleto ng distrito o charter school ang kanilang imbestigasyon—*paano at saan magsasampa ng pormal na apela, at kung kanino ito dapat ipadala.*

#### Huling Takdang Araw sa Pagsasampa ng Apela

Ang mga school distrito at charter school ay pinapahintulutan na magpatupad ng huling takdang araw sa pagsasampa ng mga apela. Ang huling takdang araw na ito ay dapat na hindi maging mas maiksi kaysa sa **10 araw na batay sa kalendaryo** mula sa petsa nang inyong natanggap ang nakasulat na sagot sa imbestigasyon na sumunod sa inyong pormal na reklamo. Alamin

[3] WAC 392-190-0751, http://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=392-190-0751.
[4] WAC 392-190-070, http://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=392-190-070.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

kung ang inyong distrito o charter school ay nagpapatupad ng huling takdang araw sa pagsasampa ng apela sa mga reklamo ng diskriminasyon.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

**30 Araw na Batay sa Kalendaryo para Matugunan ang Inyong Apela**
Sa sandaling matanggap ng distrito o charter school ang inyong apela, kailangang sumagot ang superintendente o administrador sa inyo sa pamamagitan ng kasulatan—sa loob ng 30 araw na batay sa kalendaryo—maliban kung kayo ay sumasang-ayon sa ibang panahon.

> Mahalaga! Dapat kasama sa desisyon sa pag-apela ang paraan kung paano magsampa ng reklamo sa OSPI. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng apela, nagkakaloob ang batas ng estado ng opsyon na magsampa ng pormal na reklamo sa OSPI.

## Magsampa ng Reklamo sa OSPI Batay sa Desisyon sa Apela[5]

### 1 Hakbang. Isulat at Ipadala ang Inyong Reklamo

**Ang Reklamo sa Antas ng Estado ay Kasunod ng Lokal na Reklamo at Pag-aapela na Proseso**
Ito ay isang hiwalay na proseso ng reklamo na maaaring maganap kung **ang isa sa dalawang mga kondisyon na ito** ay naganap: **(1)** nakumpleto ninyo ang pormal na reklamo at pag-aapela na proseso ng inyong school distrito o charter school, o **(2)** ang school distrito o charter school ay hindi sumunod nang wasto sa proseso para sa reklamo at apela.

**Tiyakin na isinama ninyo ang mga detalye na ito:**

- Ilarawan ang pag-uugali o pangyayari. Gumamit ng mga tunay na impormasyon: ano, sino at kailan
- Ipaliwanag kung bakit kayo naniniwala na may naganap na diskriminasyon
- Isama ang inyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan—kasama na ang address sa koreo
- Isama ang pangalan at address ng school distrito o charter school na ang paksa ng inyong reklamo
- Maglakip ng kopya ng pasiya sa reklamo at desisyon sa apela mula sa distrito o charter school
- Ipaliwanag kung anong mga kilos ang pinaniniwalaan ninyong dapat gawin ng distrito o charter school para malutas ang problema

Kung ang inyong reklamo ay may kaugnayan sa isang partikular na mag-aaral, tiyakin na isama ninyo ang **(1)** pangalan at address ng mag-aaral, at **(2)** paaralan at school distrito, o charter school, na pinapasukan ng mag-aaral.

**Ipadala ang inyong nakasulat na reklamo** sa Equity and Civil Rights Office sa Office of Superintendent of Public Instruction.

**Email**: Equity@k12.wa.us | **Fax**: 360-664-2967
**Ipadala sa koreo o personal na ihatid sa**:
Equity and Civil Rights Office, Office of Superintendent of Public Instruction
PO Box 47200, 600 Washington St. S.E., Olympia, WA 98504-7200

[5] WAC 392-190-075, http://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=392-190-065.

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

**Huling Takdang Araw sa Pagsasampa ng Reklamo sa OSPI**

Mayroon kang **20 araw na batay sa kalendaryo** para magsampa ng reklamo sa OSPI mula sa araw na natanggap ninyo ang desisyon sa inyong apela mula sa distrito o charter school—maliban na lang kung pahabain ng OSPI ang huling takdang araw na ito batay sa mga pangyayari.

## Ika-2 Hakbang. Sumasagot ang OSPI sa Inyong Mga Reklamo

Ang staff sa OSPI ay magrerepaso sa inyong reklamo at magpapasiya kung dapat magsimula man o hindi ng isang imbestigasyon. Kung magpapasiya ang staff (tauhan) ng OSPI na imbestigahan ang inyong reklamo, magpapadala sila ng isang nakasulat na abiso sa inyo at sa distrito o charter school.

> Mahalaga! Sa puntong ito, maaari kayong magpasiya na lutasin ang inyong reklamo kaagad sa halip na magpatuloy sa imbestigasyon.

**Hindi iimbestigahan ng OSPI ang inyong reklamo kung:**

- Ito ay hindi kumpleto o dumating makalipas ang 20 araw na batay sa kalendaryo na huling takdang araw
- Walang naparatang na paglalabag sa batas ng karapatang sibil na ipinapatupad ng OSPI. Makipag-ugnayan sa Equity and Civil Rights Office para sa impormasyon na ito: 360-725-6162 | equity@k12.wa.us
- Hindi pa ipinagbigay-alam sa distrito o charter school sa pamamagitan ng lokal na pagrereklamo at pag-aapela na proseso.
- Inimbistegahan ng ibang estado, pederal, o lokal na ahensya para sa mga karapatang sibil at inaasahan ng OSPI ang isang mapaghahambingan na resolusyon

Kung magpapasiya ang OSPI staff na huwag imbestigahan ang inyong reklamo, magpapadala ang OSPI sa inyo ng nakasulat na abiso na nagpapaliwanag sa desisyon na ito.

**Sa sandaling makumpleto na ang imbestigasyon**, magpapadala sa inyo ang OSPI ng isang nakasulat na desisyon na:

1. Tumutugon sa bawat alegasyon na nasa reklamo, at
2. Idinidetalye ang anumang mga pangwastong kilos na kinakailangan para mawasto ang hindi pagsunod.

### Mga Kaugnay na Reklamo at Demanda

**Isang kaugnay na reklamo o demanda** ay makaka-apekto sa resolusyon ng inyong reklamo. Ang school distrito, o OSPI, ay makakapagpasiyang maghintay hanggang malutas ang mas maagang reklamo o kung may panghuling desisyon sa demanda bago sagutin ng staff (tauhan) sa pamamagitan ng kasulatan ang inyong pinakahuling reklamo.

### Iba Pang Mga Opsyon sa Pagrereklamo ng Diskriminasyon

**Office for Civil Rights (OCR), U.S. Department of Education**

Nagpapatupad ang OCR ng ilang mga batas sa pederal na karapatang sibil, na ipinagbabawal ang diskriminasyon sa mga pampublikong paaralan batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa,

# Resolusyon sa Hindi Pagkakasunduan

kasarian, kapansanan, at edad. Magsampa ng mga reklamo sa OCR sa loob ng 180 na araw na batay sa kalendaryo sa petsa ng nasabing diskriminasyon.

206-607-1600 | TDD: 1-800-877-8339 | OCR.Seattle@ed.gov | www.ed.gov/ocr

**Washington State Human Rights Commission (WSHRC)**
Ipinapatupad ng WSHRC ang Washington Law Against Discrimination [Batas ng Washington Batay sa Diskriminasyon] (RCW 49.60), na ipinagbabawal ang diskriminasyon sa trabaho at sa mga lugar ng pampublikong akomodasyon, kasama na ang mga paaralan. Magsampa ng mga reklamo sa WSHRC sa loob ng anim na buwan nang petsa ng nasabing diskriminasyon.

1-800-233-3247 | TTY: 1-800-300-7525 | www.hum.wa.gov

**U.S. Department of Justice (DOJ), Educational Opportunities Section [Seksyon ng Mga Oportunidad ukol sa Pag-aaral]**
Ipinapatupad ng DOJ ang mga pederal na batas sa karapatang sibil/pangmamamayan na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, kapansanan, at relihiyon sa mga pampublikong paaralan.

1-877-292-3804 | TTY: 202-514-0716 | education@usdoj.gov | www.justice.gov/crt/about/edu/

## Mga Reklamo na May Kaugnayan sa Espesyal na Edukasyon, Mga Guro, at Mga Programang Pederal

**Mga Opsyon sa Resolusyon ng Mga Hindi Pagkakasunduan sa Espesyal na Edukasyon**
Kung kayo ay naniniwala na nabigo ang distrito ng paaralan na magkaloob ng serbisyo na kinilala sa Individualized Education Program (IEP) ng isang mag-aaral, ay tumanggi sa inyong mag-aaral ng libreng angkop na pampublikong edukasyon, o hindi pa nakakatugon sa anumang ibang kahilingan ng estado o pederal na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon, maaari kayong magsampa ng pormal na reklamo o humiling ng angkop na proseso ng pagdinig.

360-725-6075 | TTY: 360-586-0126 | www.k12.wa.us/SpecialEd/Families/Complaints.aspx

**Mga Reklamo tungkol sa Mga Guro at Mga May Sertipikong Nagtuturo**
Maaari kayong gumamit ng isang espesyal na proseso ng pagrereklamo para sa mga alegasyon na isang may sertipikong empleyado ay may kinilos na hindi propesyonal o nagkulang sa mabuting moral na katangian o personal na kaangkupan.

360-725-6130 | TTY: 360-664-3631 | opp@k12.wa.us | www.k12.wa.us/ProfPractices

**Reklamo ng Isang Mamamayan sa Mga Programang Pederal**
Isang espesyal na proseso ng reklamo ay naiiral sa mga alegasyon na may isang distrito ng paaralan o OSPI na lumabag sa batas ng estado o pederal o regulasyon na naiiral sa isang programang pederal sa ilalim ng Elementary and Secondary Education Act.

360-725-6100 | TTY: 360-664-3631 | www.k12.wa.us/TitleI/CitizenComplaint.aspx